



**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 30 OKTUBRE, 1995, 9:00 NG UMAGA SA BUIWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG CANTIL, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

-----  
Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo  
Kagawad Cesar T. Baticos  
Kagawad Ferdinand V. Talens  
Kagawad Ramil O. Dimapilis  
Kagawad Jesus S. Dela Cruz  
Kagawad Ranulfo C. Bernal  
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.  
Kagawad Honesto O. Taytay  
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President  
Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairma n

Hindi Nakadalo:

Kagawad Angeles D. Bautista  
-----

KAPASYAHAN BLG. 049  
Taong 1995

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG CANTIL, ROXAS, 3  
SILANGANG MINDORO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, ninsan sa isang buwan ay magdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T, ang unang pagpupulong na ito sa barangay ay ginanap sa Barangay Cantil, Oktubre 30, 1995;

SAPAGKA'T, ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Cantil at ng mga mamamayang nagnanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunang barangay ng Cantil at ng mga mamamayan nito sa Sangguniang Bayan sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, nanumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa ma-

ayos na pagtanggap ng pamayanan ng Cantil sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong noong Oktubre 30, 1995.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos <sup>Juanito A. Bacay</sup> na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Cantil at sa mga mamamayan nito ang tauspusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap noong Oktubre 30, 1995.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Cantil, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Ireneo F. Eustaquio, Punong Barangay, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 30 Oktubre 1995.


-----  
CERTIFIED CORRECT:


  
VIOLETA P. FUENTES  
Secretary to the Sangguniang Bayan

ATTESTED:

  
JESUS M. DIMAPILIS  
Municipal Vice Mayor/  
Tagapangulo

APPROVED:

  
GELACIO I. YASON  
Municipal Mayor

Received  
  
11/1/95  
tuff/